# ANG MENSAHE NG KRUS



Aralin 2 para sa ika-11 ng Hulyo, 2026


“Sapagka't ang salita ng krus ay
kamangmangan sa kanila na
nangapapahamak; nguni't ito'y
kapangyarihan ng Dios sa atin na
nangaliligtas”
(1 Corinto 1:18)

Sinasabi ng 1 Corinto 1:17-31 ang paraan kung ano ang epekto ng krus sa buhay ng mga tao.

Sa mga mananampalataya, ang krus ay simbolo ng kaligtasan. Ngunit sa mga tao na nabuhay sa unang siglo, kumakatawan lang ang krus ng nakakahiyang kamatayan ng isang kriminal.






Naligtas ka na ba ng isang namatay sa krus at nabuhay muli? Sa mga tao ito ay kahangalan, walang saysay, at kahinaan. Ngunit sa atin na binuksan ang mga puso sa panawagan ng Banal na Espiritu, ang krus ay "ang kapangyarihan ng Dios, [...] karunungan, katuwiran, pagpapabanal, at katubusan" (1 Cor. 1:18, 30).



- Ang karunungan ng Dios
- Ang kabaliwan ng krus
- Ang kapangyarihan ng Dios
- Ang mensahe ng krus
- Ang kahangalan at kahinaan ng Dios

# ANG KARUNUNGAN NG DIOS



"Nguni't sa kanila na mga tinawag, maging mga Judio at mga Griego, si Cristo ang kapangyarihan ng Dios, at ang karunungan ng Dios." (1 Corinto 1:24)




Sa Athens, gumamit si Pablo ng karunungan ng tao upang makombinse ang marurunong na tao. Mula noon, nagpasya syang gumamit ng banal na karunungan.

Mismong ang Dios ang nagsugo sa kanya upang ipangaral ang Kanyang mensahe "hindi sa karunungan ng mga salita baka mawalan ng kabuluhan ang krus ni Cristo" (1 Cor. 1:17).

Ano ang banal na karunungang ipinangaral ni Pablo?

Ang karunungan ng Dios ay sumisira ng "karunungan ng marunong"; itinatapon nito "ang pag-unawa ng marunong" (1 Cor. 1:19); at "at ginawang... kamangmangan ang karunungan ng sanglibutan" (1 Cor. 1:20).

Salungat sa lohika ng tao, kabilang sa karunungan ng Dios ang "iligtas ang mga nagsisipanampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral" (1 Corinto 1:21).





# ANG KABALIWAN NG KRUS

"Datapuwa't ang aming ipinangangaral ay ang Cristo na napako sa krus, na sa mga Judio ay katitisuran, at sa mga Gentil ay kamangmangan" (1 Corinto 1:23)



Ang Griegong salita na *mōria* (kahangalan, kamangmangan, kalokohan) ay limang beses na ginamit sa 1 Corinto:

- "Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak" (1 Corinto 1:18)
- "kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisipanampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral" (1 Cor. 1:21)
- "Si Kristong napako, [...] kahangalan sa mga Hentil" (1 Cor. 1:23)
- "Sa natural na tao [...] ang mga bagay ng Espiritu ng Dios [...] ay kahangalan" (1 Cor. 2:14)
- "Sapagka't ang karunungan ng sanglibutang ito ay kamangmangan sa Dios" (1 Corinto 3:19)

Ang krus ay kahangalan sa nawaglit; sa mga hindi nakakakilala sa Dios (Hentil); sa mga nag-iisip lamang tungkol dito sa sanlibutan (natural na tao); sa mga pinangangasiwaan lamang ng sariling karunungan.

Ngunit ang krus ay pagpapala para sa mga naligtas, iyon ay, mga handang tingnan ang krus sa pananaw ng Dios.

# ANG KAPANGYARIHAN NG DIOS


"Sapagka't ang salita ng krus ay kamangmangan sa kanila na nangapapahamak; nguni't ito'y kapangyarihan ng Dios sa atin na nangaliligtas." (1 Corinto 1:18)

May kapangyarihan ang krus na ipakita ang pinakamasama ng tao at pinakamabuti ng Dios (1 Cor. 1:18).

| Pinakamasama ng tao | Pinakamabuti ng Dios |
|---|---|
| Kabaliwan | Kapangyarihan |
| Pagtakwil | Pagtanggap |
| Pagsira sa sarili | Pagpapatawad |
| Kapahamakan | Kaligtasan |

Ang mga tumatanggi sa krus ay umaani ng bunga ng kanilang maling kilos, at sa huli'y mawawasak ng Isang itinakwil nila.

Ang kapangyarihan ng Dios, na ipinakita sa krus, ay kayang isauli ang tao sa Dios sa pagpapatawad sa lahat niyang kasalanan, at bigyan sya ng buhay na walanghanggan (Col. 1:20; 1P. 2:24).



# ANG MENSAHE NG KRUS



"Sapagka't yamang sa karunungan ng Dios ay hindi nakilala ng sanglibutan ang Dios sa pamamagitan ng kaniyang karunungan, ay kinalugdan ng Dios na iligtas ang mga nagsisipanampalataya sa pamamagitan ng kamangmangan ng pangangaral." (1 Corinto 1:21)

**Bakit kahangalan ang pangangaral ng mensahe ng krus (1 Corinto 1:21-24)?**



Umaasa ang mga Judio ng Mesias na magpapalaya sa kanila mula sa pang-aalipin ng Roma. Nang ipinahayag ni Jesus na ipapako Sya, natakot ang sarili nyang mga alagad. Dagdag pa dito, sa mga Judio, ang taong ibinitin sa kahoy ay taong sinumpa ng Dios (Deuteronomio 21:23). Para sa Hentil, na hindi nga umaasa sa Manunubos, ang pasya ay pareho: ang krus ay kahangalan.

Gayunpaman, para sa mga anghel, ang mensahe ng krus ay iba. Si Jesus, na nakilala pa nila sa Langit, ay hinayaang mamatay ang sarili dahil sa pag-ibig sa lahing tumakwil sa kanya. Ito ang pananaw na nais ni Pablong ipahayag sa kanyang pangangaral.

Ang mensahe ng krus ay nagpapakita kung gaano kalaki ang kayang gawin ng Dios upang bigyan tayo ng kaligtasan.

# ANG KAHANGALAN AT KAHINAAN NG DIOS



"Sapagka't ang kamangmangan ng Dios ay lalong marunong kay sa mga tao; at ang kahinaan ng Dios ay lalong malakas kay sa mga tao." (1 Corinto 1:25)

**Ang Dios ba sa ano mang paraan ay hangal o mahina (1 Cor. 1:25)?**

**Syempre hindi, dahil walang kahinaan o dungis ang Dios. Gumagawa lang ng simpleng paghahambing si Pablo: Kung may hindi magandang kaisipan ang Dios, mas matalino parin Sya sa pinakamatalinong kaisipan ng tao; o kung may mahinang usapin sa Dios, ito ay higit na malakas kaysa sa pinakamalakas na usapin ng tao.**



**Lahat ng karunungang matitipon mula sa pinaka-matatalinong tao ay hindi kayang makapagplano upang maligtas ang tao.**

**Tanging ang Dios ang may kayang tumubos,sa pamamagitan ng kapangyarihan ng sakripisyo ni Jesus na inalay sa krus, "sa nga naligtas" (1 Cor. 1:18); "sa mananampalataya" (1 Cor. 1:21); at "sa mga tinawag" (1 Cor. 1:24).**

**Pansinin na tanging ang mga *<u>naniniwala</u> kay* Jesus bilang pagtugon sa *<u>panawagan</u> ng Banal na Espiritu* ang *<u>maliligtas.</u>***



**"To the minds of multitudes living at the present time, the cross of Calvary is surrounded by sacred memories. Hallowed associations are connected with the scenes of the crucifixion. But in Paul's day the cross was regarded with feelings of repulsion and horror. To uphold as the Saviour of mankind one who had met death on the cross, would naturally call forth ridicule and opposition. [...]**

**He would be looked upon as weak-minded for attempting to show how the cross could have any connection with the elevation of the race or the salvation of mankind.**

**But to Paul the cross was the one object of supreme interest. [...] He knew by personal experience that when a sinner once beholds the love of the Father, as seen in the sacrifice of His Son, and yields to the divine influence, a change of heart takes place, and henceforth Christ is all and in all."**

**EGW (The Acts of the Apostles, p. 245)**